**THE ABILITY TO PRODUCE WEALTH**

# Isang Tawag na Magtiwala

**WEEK 3**

## WARM-UP

- Noong bata ka, sino ang naisip mong pinakamakapangyarihan sa inyong pamilya o komunidad? Bakit?
- Ano sa palagay mo ang dapat na pag-aari ng isang tao para masabing siya ay mayaman? Bakit?
- Balikan ang isang pagkakataon na hindi mo pinakinggan ang isang babala. Ano ang nangyari?

## WORD

*"Pero alalahanin ninyo na ang PANGINOON na inyong Diyos ang siyang nagbigay sa inyo ng kakayahang maging mayaman, at ginawa niya ito para matupad niya ang kasunduan niya sa inyong mga ninuno, katulad ng ginawa niya ngayon."* **DEUTERONOMIO 8:18**

Sa loob ng apatnapung taon, ang mga Israelita ay ganap na umasa sa Diyos para sila ay mabuhay. Ngunit nang papasok na sila sa Lupaing Ipinangako, sinabihan sila ni Moises na bibigyan sila ng Diyos ng *kakayahang maging mayaman*. Naunawaan man nila kung ano ang ibig sabihin nito o hindi, sinabi ni Moises na ito ay tiyak na mangyayari dahil bahagi ito ng kasunduan ng Diyos sa kanilang mga ninuno. Bago pa man nila ito maranasan at bago pa sila makapasok sa lupaing ito, sinabihan na sila ni Moises na magpatuloy sa pagtitiwala sa Diyos. Siya ang nagbibigay ng *kakayahang maging mayaman*. Dapat silang magtiwala sa Kanya at hindi sa kanilang abilidad o sa probisyong matatanggap nila. Ngayon, titingnan natin ang tatlong katotohanan tungkol sa pagtitiwala sa Diyos para sa probisyon.

## 1 Dapat tayong umasa sa Diyos at hindi sa ating sariling kakayahan.

*“Baka sabihin ninyo sa inyong mga sarili, ‘Sa pamamagitan ng sarili kong kakayahan at lakas, naging akin ang lahat ng kayamanang ito.’”* **DEUTERONOMIO 8:17**

Ang lahat ng mayroon ang mga Israelita sa disyerto at ang lahat ng makakamit nila sa Lupang Ipinangako ay mula sa Diyos. Ang probisyong ito ay ayon sa Kanyang kapangyarihan at kakayahan. Tiniyak sa kanila ni Moises na magkakaroon sila ng kasaganaan sa lupang ibibigay sa kanila ng Diyos (Deuteronomio 8:12–13), subalit nagbigay din siya ng babala na huwag isiping dahil ito sa sarili nilang kakayahan. Dapat silang magtiwala sa Diyos na nagbigay sa kanila ng kakayahang ito. Tayo rin ay dapat na magtuon ng pansin sa Tagapagbigay, at hindi sa ating sariling lakas o kakayahan. Kapag natugunan ang lahat ng pangangailangan natin, madaling makalimutan na ang lahat ng mayroon tayo ay mula sa Diyos. Dapat tayong patuloy na umasa sa Kanya at humingi ng Kanyang gabay. Ano sa palagay mo ang mangyayari kung tayo ay aasa sa sarili nating yaman at pinagkukunang yaman? Paano ito nagkukulang?

## 2 Binibigyan tayo ng Diyos ng kakayahang maging mayaman.

*“Pero alalahanin ninyo na ang* PANGINOON *na inyong Diyos ang siyang nagbigay sa inyo ng kakayahang maging mayaman . . .”* **DEUTERONOMIO 8:18**

Ang Diyos na namuno sa mga Israelita sa disyerto sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila ng pagkain, tubig, at masisilungan ay Siya ring Diyos na nangakong magbibigay sa kanila ng *kakayahang maging mayaman*. Tulad ng mga Israelita, ang Diyos ang magbibigay sa atin ng kakayahan at abilidad na kailangan natin—kabilang na ang mga kasanayan, ideya, at pagkakataon—upang magkaroon tayo ng yaman. Nais Niyang lumapit tayo sa Kanya at kilalanin ang Kanyang

presensya sa buhay natin hindi lamang sa panahon ng kagipitan kundi maging sa kasaganaan. Paano ka binibigyan ng Diyos ng kakayahan na maging mayaman? Bakit mahalagang magtiwala sa Diyos hindi lamang sa panahon ng kahirapan kundi sa panahong tinatamasa natin ang higit pa sa ating mga pangangailangan?

## 3 Ang kakayahang ito ay patunay ng Kanyang kasunduan.

*"Pero alalahanin ninyo na ang PANGINOON na inyong Diyos ang siyang nagbigay sa inyo ng kakayahang maging mayaman, at ginawa niya ito para matupad niya ang kasunduan niya sa inyong mga ninuno, katulad ng ginawa niya ngayon."* **DEUTERONOMIO 8:18**

Ang pangako ng Diyos na tugunan ang pangangailangan at paunlarin ang mga Israelita ay isang patunay sa *kasunduan niya* sa kanilang mga ninuno. Ipinakita ng Diyos ang isang lupain kay Abraham at ipinangako Niyang dadalhin Niya dito si Abraham balang araw. Ipinangako Niyang pagpapalain Niya si Abraham at gagawing tanyag ang kanyang pangalan (Genesis 12:1–3). Matapos ang ilang daang taon, dumating ang lahi ni Abraham sa Lupang Ipinangako. Ang Diyos ay matapat at laging magiging matapat sa Kanyang mga pangako. Gaya ng katapatan Niya sa mga Israelita, mayroon tayong katiyakan na ang Diyos ay magiging matapat sa sinumang magtitiwala sa Kanya. Paano ipinakita sa iyo ng Diyos ang Kanyang katapatang tugunan ang lahat ng mga pangangailangan mo sa panahong ito?

## APPLICATION

- Ano o kanino ka umaasa para sa katugunan ng araw-araw mong pangangailangan? Ano ang handa kang gawin sa ibang pamamaraan bilang tugon sa mensahe ngayong araw?
- Naniniwala ka ba na binibigyan ng Diyos ang Kanyang mamamayan ng kakayahang maging mayaman? Bakit Niya ito ginawa sa buhay mo at paano ito naging patunay ng Kanyang pangako?
- Paano maaaring makikita ang kabutihan, probisyon, at biyaya ng Diyos sa buhay mo? Ano ang isang bagay na gagawin mo ngayong linggo upang ipaalala sa iba na magtiwala sa Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa buhay at pagpapala na ibinigay Niya sa iyo. Balikan ngayon ang kabutihang ipinakita Niya sa buhay mo.
- Ipahayag ang pag-asa mo sa Diyos sa panahon man ng kakulangan o kasaganaan. Hingin sa Diyos ang probisyong ibinibigay Niya upang tayo ay magkaroon ng kakayahang maging mayaman.
- Ipanalangin na ang mga ginagawa mo at ang paraan mo ng pamumuhay ay magpahayag ng pagtitiwala mo sa Diyos. Ipanalangin na ang mga taong nagtitiwala sa kanilang sarili, pinagkukunang yaman, o abilidad ay magawang makaalala at umasa sa Diyos.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph